## Linggo 1

### Ang Pamilya Ismid

**A. PANIMULA**

Balik-aral: Susubukan kung paano makipagkilala ang mga mag-aaral.

1. Pumili ng iyong kapareha. Sa loob ng limang minuto, kilalanin mo ang iyong kaklase. Ipakilala mo rin sa kanya kung sino ang mga kasama mong nakatira sa inyong bahay. Sabihin mo rin ang lugar kung saan ka nakatira. Pagkatapos makipagkilala, makipagpalitan ng kapareha sa iyong kaklase upang may bago ka na namang makilala. Ipakilala niyo rin sa isa't isa ang iyong naunang kapareha.

   Maaaring maging gabay ang sumusunod:

   a. Itanong ang buong pangalan, palayaw, edad, at kaarawan.

   b. Itanong kung saan siya nakatira.

   c. Itanong kung sino-sino ang miyembro ng kaniyang pamilya.

2. Isulat ang impormasyong nakalap tungkol sa mga bago mong kaibigan sa klase.

| Impormasyon | Kaibigan 1 | Kaibigan 2 | Kaibigan 3 |
|---|---|---|---|
| Buong pangalan | | | |
| Palayaw | | | |
| Kaarawan | | | |
| Edad | | | |
| Tirahan | | | |
| Kasama sa bahay | | | |

Pagkatapos ng gawain, sabihin sa klaseng "Ngayon, mayroon na kayong bagong kakilala sa klase at maaaring maging kaibigan."


**Mga Kasanayang Pampagkatuto:**

1. Naisasagawa ang maayos na pagpapakilala ng sarili
2. Nagagamit ang pangngalan sa pagsasalaysay tungkol sa mga tao, lugar, at bagay sa paligid
3. Nahuhulaan ang nilalaman/paksa ng aklat sa pamamagitan ng pamagat
4. Nasisipi nang wasto at maayos ang isang talata
5. Nagagamit ang wika bilang tugon sa sariling pangangailangan at sitwasyon

**B. KATAWAN**

1. Pahulaan sa mag-aaral ang nilalaman o paksa ng aklat batay sa pabalat ng aklat.

   Panuto: Tingnan ang pabalat ng aklat na nasa larawan. Ito ang kuwento ng Pamilyang Ismid. Subukan mong ipakilala ang mga tauhan sa kuwento batay sa nakikita mo sa larawan.




http://www.librarything.com/work/10991154

2. Pag-unawa sa binasa: Ipasagot sa mag-aaral ang mga tanong tungkol sa akda.

   Panuto: Sagutin ang sumusunod:

   a. Saan sila nakatira?

   ______________________________

   b. Bakit kaya sila tinawag na pamilyang Ismid?

   ______________________________

   c. Marami kaya silang kaibigan? Bakit?

   ______________________________

   d. Tungkol saan kaya ang kuwento ng Pamilyang Ismid?

   ______________________________


   e. Paano kaya mababago ang masamang ugali ng Pamilya Ismid?

   ______________________________

Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

3. Paggamit ng pangngalan sa pagsasalaysay: Tatawag ng mag-aaral upang muling isalaysay ang kuwento ng Pamilya Ismid gamit ang binuong banghay. Ipaalala din sa mga mag-aaral na kailangan gumamit sila ng mga pangngalan sa kanilang muling pagkukuwento.

   Panuto: Subukang ikuwento ang nilalaman ng aklat. Gawing gabay ang banghay na binuo para sa iyo. Gumamit ng pangngalan sa pakikipagkuwento.




4. Maayos na pagsisipi ng talata. Isulat sa *blackboard* o sa *manila paper* ang talatang nasa ibaba. Siguraduhing may mali sa gamit ng bantas, laki, at liit ng gamit na titik at sa baybay ng ilang piling salita upang maitama ng mga mag-aaral.

   Panuto: Sipiin ang talata. Baguhin ang mga maling bantas, maling baybay, at maling gamit ng malaki at maliit na titik.

   Isang magandang katangian ng Pilipino ang marunong na makiisa at makipagtulungan sa kanilang kapit-bahay. Bukod sa kapamilya,

ang kapit-bahay ang unang sumasaklolo kung kailangan natin ng tulong. Nagbubunga rin ng kapayapaan sa isang bayan kung palaging nagkakasundo ang tao na nakatira dito.

C. **KONGKLUSYON**

**Pangunahing Kaalaman**

Isusulat ang pangunahing kaalaman ng aralin upang magkaroon ng malayang palitan ng ideya, opinyon o damdamin ang klase.

Kailangan nating matutuhan kung paano dapat na makisama nang tama sa ating kapuwa.

**Takdang Aralin**

Pangkatang Gawain: Pumunta sa silid-aklatan. Maghanap ng aklat o kuwentong pambata na tungkol sa isang natatanging bata o pamilya. Isulat sa unang hanay ang pamagat ng aklat na iyong napili. Isulat naman sa pangalawang hanay kung ano ang paksa o pinakanilalaman ng kuwento. Sa pangatlong hanay naman ipakilala ang pangunahing tauhan. Tularan ang unang bilang.


Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

| PAMAGAT | PAKSA | Pangunahing Tauhan |
|---|---|---|
| 1. Ang Pamilya Ismid | Tungkol ito sa pamilyang hindi marunong makipagkapuwa dahil sa paniniwalang sila lamang ang maganda. | Tatay Ismid, Nanay Ismid, Oli Ismid, at Obet Ismid |
| 2. | | |
| 3. | | |
| 4. | | |

## Linggo 2

**Malasakit sa Kalikasan**

**A. PANIMULA**

**Balik-aral:**

**Pagkilala sa salitang magkatugma**

Subukan kung ano ang alam ng mga mag-aaral tungkol sa tugma.

Panuto: Isulat sa tabi ng dalawang salita ang salitang TUGMA kung ito ay magkatugma, at ang salitang HINDI TUGMA kung ito ay hindi.

| Mga Salita | TUGMA o HINDI TUGMA |
|---|---|
| 1. pakinggan – kalikasan | |
| 2. malinis – kapaligiran | |
| 3. bundok – dagat | |
| 4. tubig – malasakit | |
| 5. likha – dakila | |

**Motibasyon:** Hayaang ang mga mag-aaral naman ang makaisip ng mga salitang katugma ng salita sa unang hanay.

**Panuto:** Magbigay ng salitang katugma ng mga salita sa unang hanay. Isulat ang sagot sa katapat na hanay.

| Salita | Katugma |
|---|---|
| ina | |
| lupa | |
| ulan | |
| hangin | |

**Pamantayang Pangnilalaman:**

Naipamamalas ang pagpapahalaga at kasanayan sa paggamit ng wika sa komunikasyon at pagbasa ng iba't ibang uri ng panitikan.

**Pamantayan sa Pagganap:**

Nakabubuo ng isang kuwento batay sa paksa ng tulang binasa gamit ang kaalaman sa pangngalan.

**Mga Kasanayang Pampagkatuto:**

1. Nagagamit ang bagong kaalaman o karanasan sa pag-unawa ng napakinggang teksto
2. Natutukoy ang mga salitang magkakatugma
3. Nasasagot ang mga tanong tungkol sa tekstong binasa tugma



Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

**B. KATAWAN**

Gawain: Ipabasa ang tula at saka pasasagutan ang mga gawain sa 2 hanggang 4.

1. Basahin ang tula.

**MALASAKIT SA KALIKASAN**
*ni Ramil B. Correa*

Lubos akong nagtataka sa kuwento ng aking ina
Noong s'ya raw ay musmos pa, ang tanawin ay kay ganda
Bawat bundok ay luntiang may pang-akit sa'ting mata
Kalikasang likha ng D'yos, nagbibigay ng halina

Ngunit ina, ang tanong ko: "Bakit bundok ay nasira?
Mga puno ay putol na at laganap ang pagbaha.
Paligid ko ay kay dumi, kalikasa'y sinalanta.
Paano na kaming bata kung kami na ang tumanda?"

Ang ina ko'y napapikit, 'di napigil ang pagluha
Mahigpit akong niyakap at malungkot na winika…
"Anak ko, aking mahal, mayro'n tayong magagawa.
Alagaan ang paligid upang ito'y 'di mawala."

2. Sagutin ang mga tanong tungkol sa tekstong binasang may tugma.
   a. Ano ang paksa ng tula?
   b. Sino ang nagsasalita sa tula?
   c. Ano ang maaaring gawin upang pangalagaan ang paligid?

3. Tukuyin ang pangngalang inilalarawan ng pangungusap. Ibatay ang sagot sa una at ikalawang saknong ng binasang tula. Isulat ang sagot sa linya bago ang bawat bilang.

_________________ 1. Maganda ito noong musmos pa si Ina.

_________________ 2. Halos mawala na ito dahil naputol na.

4. Nagagamit ang pangngalan sa pagsasalaysay sa tao, lugar, bagay, at pangyayari

_________________ 3. Luntian pa ito dahil sa dami ng punong nakatanim.

_________________ 4. Marumi na ito ngayon.

_________________ 5. Nasalanta na ito ngayon.

4. Humanap ng lima hanggang walong kasama upang makabuo ng isang grupo. Bubuo kayo ng isang kuwento tungkol sa isang pangyayaring naganap dahil sa pagpapabaya sa kalikasan.

Isaalang-alang ninyo sa inyong kuwentong mabubuo ang sumusunod:

1. Sino-sino ang sangkot sa kuwento?
2. Saan ito nangyari?
3. Kailan ito nangyari?
4. Ano ang pagkakasunod-sunod ng pangyayari?
5. Ano ang epekto ng pangyayari sa buhay ng tao?

Tayahin ang kahusayan ng inyong ginawang pagkukuwento.

| Pamantayan | 3 | 2 | 1 |
|---|---|---|---|
| Malinaw na nailahad ang kuwento simula umpisa hanggang wakas. | | | |
| Nagamit ang mga pangngalan sa pagkukuwento (tao, hayop, bagay, lugar, panahon, pangyayari) | | | |
| Naipahahayag ang mga nakitang epekto ng pangyayari | | | |
| Mahusay ang pakikilahok ng bawat miyembro ng grupo. | | | |



Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

## C. KONGKLUSYON

### 1. Pagninilay

Hayaang pakinggan ng mga mag-aaral ang awit na "Anak ng Pasig" Bisitahin ang https://www.youtube.com/watch?v=2dLquFHjye.

Pag-usapan ang sumusunod matapos mapakinggan ang awit:

a. Ano-ano ang nakikita ninyong maganda sa inyong kapaligiran?

b. May alam din ba kayong bahagi ng kalikasan sa inyong pamayanan ang nanganganib na?

c. Paano kayo makatutulong upang hindi matulad sa Ilog Pasig ang nangyari sa iba pang bahagi ng kalikasan sa inyong kapaligiran?

2. Itakda sa mga mag-aaral ang isang simpleng pananaliksik.

Magsasaliksik ng tatlong maaaring maging epekto ng matinding pagkasira ng kalikasan. Maaaring magsaliksik gamit ang iba't ibang sanggunian tulad ng aklat, diyaryo, at Internet. Isulat ang impormasyon sa talahanayan.

| Pagkasira ng Kalikasan | Epekto | Sanggunian |
|---|---|---|
| | | |
| | | |
| | | |

## Linggo 5

**Balikbayan**

**A. PANIMULA**


Ituro sa mga mag-aaral ang tono ng awiting "Ako Ay Masaya." Isulat ang titik ng awitin upang maging gabay ng mga mag-aaral sa kanilang pagsasakikos nito.

1. Isakilos ang awiting "Ako Ay Masaya."

Ako ay masaya,
Ikaw ay masaya,
Siya ay masaya,
Tayong lahat ay masaya

(ulitin ng dalawang beses)
La… la… la… la….. la…..

2. Isulat sa bilog kung ano-ano ang nakapagpapasaya sa mga Pilipino tuwing umuuwi ang kanilang mahal sa buhay na nagtatrabaho sa ibang bansa o malayong lugar.




**Pamantayang Pangnilalaman:**

Naipamamalas ang pagpapahalaga at kasanayan sa paggamit ng wika sa komunikasyon at pagbasa ng iba't ibang uri ng panitikan.

**Pamantayan sa Pagganap:**

Nakabubuo ng isang simpleng banghay ng kuwento.

**Mga Kasanayang Pampagkatuto:**

1. Naisasakilos ang tula/awit na napakinggan
2. Nailalarawan ang mga elemento ng kuwento (tauhan, tagpuan, banghay)
3. Nagagamit ang mga panghalip na pamalit sa ngalan ng tao (ako,ikaw, siya)
4. Nakapagsusulat nang may wastong baybay at bantas


Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

B. **KATAWAN**

**Gawain A:**

Ipabasa ang kuwentong "Balikbayan." Habang nagbabasa, pasagutan sa mga mag-aaral ang tamang salita na nasa panaklong upang mabuo nila ang kuwento. Sabihin sa mga mag-aaral na pansinin ang mga nakaitim na salita at tukuyin kung anong klase ng salita ito.

Panuto: Basahin ang buod ng kuwentong "Balikbayan." Guhitan ang tamang salita o bantas na nasa loob ng panaklong upang makumpleto ang pahayag.

Kumusta ka? **Ikaw** ba si Krizzie, ang anak ng aming kapit-bahay?

**Ako** si Sabrinne Alvarez. Ipinanganak at lumaki **ako** sa bansang (Hongkong, hongkong). Si Lucien ang (tanay, tatay) ko. **Siya** ang nagturo sa akin na mahalin ang Pilipinas. Si Rosie naman ang (nanay, naynay) ko. **Siya** ang palaging nag-aalaga sa akin. Doon (nagtrabaho, nagtarbaho) ang tatay ko matapos magpakasal. Isinama niya ang nanay ko upang doon tumira. Nanirahan kami sa isang maliit na bahay ( . , ?)

Isang araw, dinalaw kami sa bahay ng kaibigan ng tatay ko na si Tito (chito chan , Chito Chan). **Siya** ang naghikayat sa mga magulang ko na bumalik na sa Pilipinas. Napagpasiyahan nilang bumalik na sa bansa at magnegosyo na lamang. Sa ngayon ay masaya ang tatay at nanay ko dahil (lumalaki, lumalalaki) na ang kanilang negosyo.

(Masaya, masaya) na rin **ako**ng tumira dito sa Pilipinas dahil marami na **ako**ng (kaibigan, kaigiban) at (kaloro, kalaro). Sana **ikaw** ay maging kaibigan ko din.

**Gawain B:**

Ituro kung ano ang ibig sabihin ng tauhan, tagpuan, at banghay ng kuwento. Pagkatapos ay ipagawa ang pagtukoy ng tatlong elementong ito sa kuwentong "Balikbayan."

5. Nauunawaan ang kahalagahan ng mga nilalaman ng panitikan/ teksto

Panuto: Balikan ang kuwentong "Balikbayan." Tukuyin ang mga elemento ng kuwento: ang tauhan, tagpuan, at banghay.

1. Tauhan: Sino-sino ang tao sa kuwento?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

2. Tagpuan: Saan naganap ang kuwento?

   ______________________________________________

3. Banghay: Ano ang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa kuwento?

   Simula: ______________________________________

   Gitna: _______________________________________

   Wakas: ______________________________________

**Gawain C:**

Balikan ang mga salitang naka-itim sa binasang kuwento. Sasabihing ito ay mga salitang pamalit sa pangalan. Ipaliwanag ang mga panghalip na ikaw, ako, at siya. Pagkatapos ay tasahin niya ang pagkaunawa ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng kasunod na gawain.

Ang panghalip ay ginagamit na pamalit sa pangngalan. Tukuyin kung sino ang tinutukoy ng panghalip sa sumusunod na pangungusap. Isulat ang sagot sa linya bago ang bawat bilang.

_________________ 1. Sana **ikaw** ay maging kaibigan ko din.

_________________ 2. Ipinanganak at lumaki **ako** sa bansang Hongkong.

_________________ 3. **Siya** ang nagturo sa akin na mahalin ang Pilipinas.



Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

_______________ 4. **Siya** ang palaging nag-aalaga sa akin.

_______________ 5. **Siya** ang naghikayat sa mga magulang ko na bumalik na sa Pilipinas.

**Gawain D:**

Hayaang magbahagi ng sariling karanasan ang mga mag-aaral. Sabihin gumawa muna ng banghay ng kanilang kuwento bago ito ibahagi.

Panuto: Kung ikukuwento mo ang isang pangyayari sa iyong buhay, paano mo ito isasalaysay? Gumawa ng banghay ng sarili mong kuwento.

Tauhan: (Mga taong sangkot sa kuwento)

________________________________________
________________________________________

________________________________________
________________________________________

________________________________________
________________________________________

Tagpuan: (Pinangyarihan ng kuwento)

________________________________________
________________________________________

Panimula: (Simula ng pangyayari)

________________________________________
________________________________________
________________________________________
________________________________________

Katawan: (Mga sumunod na pangyayari)

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

Wakas: (Katapusan ng pangyayari)

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

**C. KONGKLUSYON:**

**1. Pagninilay**

Ipaalala sa mga mag-aaral ang ilang kaisipang natutuhan sa paksa ng aralin.

Maraming mga magulang ang nagtatrabaho sa ibang bansa. Masakit para sa mga magulang na malayo sa kanilang mga anak. Ano ang mga dapat gawin ng mga anak para masuklian ang mga paghihirap ng mga magulang na OFW? Isulat sa ibaba ang sagot.

a. ____________________________________

b. ____________________________________

c. ____________________________________

d. ____________________________________

e. ____________________________________



Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

2. Ibigay na takdang aralin ang pagpili ng isang magandang awitin tungkol sa kabayanihan ng OFW.

   Pumili ng isang awit na tumutukoy sa kabayanihan ng ating mga kababayang nagtatrabaho sa ibang bansa. Iparinig o ibahagi ang awiting ito sa klase.